



Tumutulong sa Pagbabayad ng Iyong Bayarin

Ang Providence ay tumutulong sa mga pasyente na maaaring walang pinansyal na kakayahan upang bayaran ang lahat o bahagi ng kanilang mga medikal na bayarin. Kasama dito ang mga indibiduwal na walang insurance sa kalusugan, gayundin ang mga may insurance ngunit hindi nila kayang bayaran mula sa sariling bulsa ang mga gastusin. Nag-aalok kami ng:

- Libre o mas mababang presyo ng pangangalaga para sa mga kwalipikado
- Walang interes, mga pangmatagalang plano sa pagbabayad
- Tulong upang matiyak ang saklaw na kalusugan

Paano Mag-apply

Makakapag-apply ka online para sa pinansyal na tulong o sa pamamagitan ng pagkontak sa Providence Financial Counselor.

Mag-apply Online

Mag-apply online para sa pinansyal na tulong sa www.providence.org/FinancialHelp

Kontakin ang Financial Counselor

Alamin ang mga opsyon ng pinansyal na tulong para sa iyo at tumanggap ng tulong sa aming team. Tumawag sa 855-229-6466 o bisitahin ang

www.providence.org/FinancialHelp

Pag-apela at Programa ng Pagreklamo sa Bayarin sa Ospital ng CA

Kung naniniwala kang mali ang pagtanggap sa iyo ng pinansyal na tulong, maaari kang magsumite ng nasusulat na pag-apela sa Providence Regional Business Office, P.O. Box 3299, Portland, OR 97208-3395. Maaari ka ring magsampa ng reklamo sa Programa ng Pagreklamo sa Bayarin sa Ospital ng Estado ng California. Puntahan ang HospitalBillComplaint.hcai.ca.gov para sa karagdagang impormasyon at sa pagsampa ng reklamo.

Karagdagang Tulong

Tumawag sa 855-229-6466 para matulungan ka tungkol sa pinansyal na tulong, o bisitahin ang providence.org/FinancialHelp upang himiling ng appointment sa pamamagitan ng telepono o nang personal. Bisitahin ang website ng Health Consumer Alliance sa healthconsumer.org para sa karagdagang tulong upang maunawaan ang proseso ng iyong bayarin at pagbabayad.

Mga Opsyon sa Accessibility

Bilang pagsunod sa Batas para sa Mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA), maglalaan ang Providence ng mga kwalipikadong interpreter at iba pang karagdagang tulong at serbisyo nang walang bayad:

(1) para sa mga indibiduwal na may mga kapansanan upang makipag-ugnayan nang epektibo sa amin, tulad ng: (a) Mga kwalipikadong interpreter sa sign language; at (b) Impormasyong nasusulat sa ibang pormat (malalaking letra, audio, mga magagamit na elektronikong pormat, iba pang pormat); at

(2) mga indibiduwal na hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng: (a) Mga kwalipikadong interpreter; at (b) Impormasyong nasusulat sa ibang wika. Kung kailangan mo ng anumang serbisyong nabanggit, kontakin ang Civil Rights Coordinator sa 1-844-469-1755. Kung nangangailangan ka ng Telecommunications Relay Services, tumawag sa 1-800-833-6384 or 7-1-1.

Kontakin ang Customer Support

Magtanong tungkol sa iyong bayarin.

866-747-2455 Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Oras sa Pasipiko (Pacific Time, PT)

www.providence.org/about/ContactUs

Kontakin ang Financial Counselor

Alamin ang mga opsyon ng pinansyal na tulong para sa iyo at tumanggap ng tulong sa aming team.

855-229-6466 Lunes - Biyernes, 7 a.m. hanggang 5:30 p.m. Oras sa Pasipiko

www.providence.org/FinancialHelp